



Binago 9/30/21. Ang mga madalas na katanungang (FAQ) ito ay nagbibigay ng impormasyon sa tatlong bakuna sa COVID-19 na magagamit sa Amerika (US). Ang mga bakunang ito ay ginawa ng Moderna, Pfizer, at Janssen/Johnson & Johnson (J&J).

Bakit mahalaga ang mabakunahan?

Ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay mahalaga dahil ito ang pinakamahasag na paraan para mapigilan ang COVID-19. Ang mga bakuna ay lubhang magaling sa pagpigil sa pagkakasakit ng mga tao mula sa COVID-19 at maghahantong sa pagkakahospital o pagkamatay. Binabawasan rin nila ang panganib ng pangmatagalang sakit mula sa COVID-19 at pagliban sa trabaho at paaralan.

Kapag tayo ay nabakunahan, hindi lang natin pinoprotektahan ang ating mga sarili, ngunit pati na rin ang ating pamilya, mga kaibigan, at kapitbahay. Kabilang rito ang mga bata na wala pang 12 taong gulang na hindi pa maaaring mabakunahan at mga taong may sobrang hihinang sistema ng imyunidad (immune system) kung kanino ang bakuna ay hindi gaanong mabisa.

Mas marami ang nababakunahan mas malamang na hindi kakalat ang COVID-19 o kakapit ang mga bagong baryante ng virus. Kahit na ang mga taong nagkaroon na ng COVID-19 ay dapat na magpabakuna dahil ang kanilang likas na imyunidad ay maaaring hindi magtagal o ganoong kalakas, at maaari silang mahawa muli.

Maaari mong gawin ang iyong bahagi sa pagtulong na pahintuin ang pandemya sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

Gaano kahusay gumana ang mga bakuna?

Ang mga bakuna ay napakahusay na gumagana. Kahit na sa baryanteng Delta, ang lahat ng 3 bakuna ay lubos na nakapagbabawas sa panganib ng pagkakasakit mula sa COVID-19 at labis na mabisa sa pagpigil ng malubhang karamdaman, pagkakahospital, at pagkamatay.

Hindi ka itinuturing na ganap nang nabakunahan hanggang sa 2 linggo pagkatapos na makakuha ng bakuna ng J&J o 2 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakunang Pfizer (**COMIRNATY**) o Moderna. Dahil ito ay tumatagal sa iyong katawan para bumuo ng imyunidad sa COVID-19 pagkatapos mong mabakunahan. Posibleng mahawahan habang ang bakuna ay nagkakaapekto, kaya't mahalaga na iyong ipagpatuloy na protektahan ang iyong sarili laban sa COVID-19 sa buong 2 linggo.

Sa oras na ikaw ay ganap nang nabakunahan, mayroon pa ring maliit na panganib na maaari kang mahawahan. Ang tawag dito ay pambihirang tagumpay na mahawahan (breakthrough infection). Kapag ang mga nabakunahang tao ay nahawahan, hindi sila karaniwang nagkakasakit tulad ng mga taong hindi pa nabakunahan at ang kanilang mga sintomas ay hindi gaanong nagtatagal. Minsan ay wala talaga silang mga sintomas.

Anong mga bakuna ang magagamit sa Amerika [US]?

Ang Food and Drug Administration (FDA) ay naglabas ng mga Awtorisasyon sa Emerhensyang Paggamit (Emergency Use Authorizations o EUAs) para sa tatlong bakuna sa COVID-19 upang magamit sa Amerika [US]. Ang mga bakunang ito ay binubuo ng Janssen/Johnson & Johnson (J&J), Pfizer-BioNTech, at Moderna.

Noong 8/23/21, ang FDA ay naglabas na ng ganap na pag-apruba para sa bakunang Pfizer sa COVID-19 na magamit sa 2-dosis na serye para sa mga taong edad 16 pataas. Ang bakuna sa ngayon ay isinusulong sa ilalam ng pangalan ng brand na COMIRNATY ngunit ito ay ang parehong eksaktong bakuna ng bakunang Pfizer na unang pinahintulutan noong Disyembre 2020 . Ang bakunang ito ay patuloy na pinahihintulutan bilang 2-dosis na serye para sa mga matatanda edad 12 hanggang 15 taong gulang, bilang karagdagang dosis para sa ilang mga tao na may [mahinang sistema ng imyunidad](#) , at bilang pampalakas [\[booster\]](#) para sa ilang mga partikular na tao edad 18 pataas.



Pinaplano ng Pfizer na humiling ng ganap na pag-apruba para sa mga batang edad 12-15 sa oras na makolekta at mapag-aralan ng mabuti ang anim na buwang datos ng kaligtasan. Nakapagsumite na rin ng aplikasyon ang Moderna para sa ganap na pag-apruba ng kanyang bakuna sa COVID-19, at kasalukuyang nirepaso ng FDA ang datos [data] na iyon.

Ang lahat ng tatlong bakuna na ito ay patuloy na inirerekomenda ng CDC.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng awtorisasyon sa emerhensyang paggamit (emergency use authorization o EUA) at ganap na pag-apruba?

Para sa mga bakuna sa COVID-19, nangangailangan ang FDA ng dalawang buwan ng datos sa kaligtasan at bisa bago ipinagkakaloob ang EUA. Kasama doon ang mga klinikal na pagsubok sa sampung libo-libong tao at mahigpit na pagsusuri at pagrepasso. Ang lahat ng mga bakuna ay patuloy na sinusubaybayang mabuti para sa kaligtasan at pagiging epektibo

Para sa ganap na pag-apruba ng bakuna sa COVID-19, nangangailanga ang FDA ng mas maraming datos sa kaligtasan, pagmamanupaktura, pagiging epektibo sa mas matagal na panahon pati na rin ng datos sa tunay na nangyari sa mundo.

Ano ang kahulugan ng pag-apruba ng FDA sa bakunang Pfizer?

Nangangahulugan ito na ang bakunang Pfizer (COMIRNATY) ngayon ay may parehong antas ng pag-apruba bilang mga bakuna na pumoprotekta sa atin laban sa maraming iba pang impeksyon. Kabilang rito ang mga bakuna sa hepatitis, tigdang, bulutong, at polyo para mapangalanan ang ilan. Bago aprubahan ang COMIRNATY, kinumpleto ng FDA ang analisis ng mga karagdagang datos sa bisa at kaligtasan higit pa sa mahigpit na pagsusuri at mga pagsubok na napapaloob sa EUA. Kasama rito ang datos mula sa humigit-kumulang 12,000 tao na sinubaybayan sa hindi bababa sa 6 na buwan at datos mula sa mga sistema ng pagsusubaybay sa kaligtasan sa tunay na nangyari sa mundo. Ang ganap na pag-apruba ng FDA ay isang mahalagang tagumpay na dapat ay makapagpapanatag sa mga taong may mga pagkabahala tungkol sa pagpapabakuna.

MGA DOSIS NG BAKUNA

Paano ibinigay ang mga bakuna?

- Ang bakunang J&J/Janssen ay ibinigay bilang isahang dosis.
- Ang bakunang Pfizer ay ibinigay bilang 2 dosis na 21 araw ang pagitan.
- Ang bakunang Moderna ay ibinigay bilang 2 dosis na 28 araw ang pagitan.

Kilala ito bilang mga pangunahing serye. Sa lahat ng 3 bakuna, hindi ka itinuturing na [ganap nang nabakunahan](#) hanggang sa 2 linggo pagkatapos ng iyong huling bakuna.

Kung huli ka sa pagkuha ng ikalawang dosis sa 2 dosis na serye, hindi mo na kailangan na magsimula sa umpisa. Mahalagang kumuha ng parehong uri ng bakuna para sa parehong dosis.

Kung mayroon kang banayad o malubhang mahinang sistema ng imyunidad (immunocompromised) at nakapagpabakuna na ng 2 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna, inirerekomenda na kumuha ka ng ika-3 dosis ng parehong bakuna. Dapat itong ibigay 28 araw o higit pa pagkatapos ng iyong ika-2 dosis. Hindi kasalukuyang inirerekomenda ang isang kasunod na dosis para sa mga tumanggap na ng bakunang J&J dahil ang FDA ay sinusuri pa rin kung gaano kahusay itong gumagana sa mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan sa ibaba ang [Kaya ba ng mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad ang magpabakuna sa COVID-19?](#)

Ang pampalakas [booster] na dosis ng bakunang Pfizer ay inirerekomenda na ngayon para sa ilang mga grupo ng tao (tingnan sa [ibaba](#)).



Kailan ako itinuturing na ganap nang nabakunahan?

Ikaw ay itinuturing na [ganap nang nabakunahan](#) laban sa COVID-19 dalawang linggo pagkatapos na:

- Ikaw ay nakakuha ng isahang dosis ng bakuna sa COVID-19 na Johnson & Johnson (J&J)/Janssen, o
- Ikaw ay nakakuha ng pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 na Pfizer (**COMIRNATY**) o Moderna, o
- Natapos mo ang serye ng bakuna sa COVID-19 na nakalista para sa emerhensyang paggamit ng World Health Organization.

Kung natugunan mo ang mga pamantayang ito, ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan, kahit na ikaw ay karapat-dapat na ngayon para sa pampalakas [booster] na dosis o para sa karagdagang dosis ng bakuna ngunit hindi pa ito natatanggap.

Para sa mas marami pang impormasyon, para sa mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad (immunocompromised), tingnan sa ibaba ang [Kaya ba ng mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad ang magpabakuna sa COVID-19?](#)

Kanino inirerekomenda ang mga booster na dosis?

Sa oras na ito, ang mga tao lamang na mayroong 2 dosis ng bakunang Pfizer na nakakatugon sa mga partikular na kondisyon ang karapat-dapat para sa pampalakas [booster] na dosis.

- Ang mga sumusunod na tao ay **dapat** na tumanggap ng pampalakas [booster] na dosis ng bakunang Pfizer 6 na buwan o kalaunan kasunod ng kanilang ika-2 dosis ng bakunang Pfizer:
 - mga taong edad 65 taong gulang pataas
 - mga taong edad 18 taong gulang pataas na naninirahan sa kapaligiran ng pangmatagalang pangangalaga
 - mga taong edad 50-64 taong gulang na may [mga pinagbabatayang medikal na kondisyon](#) o nakakaranas ng panlipunan at pang-ekonomiyang panganib na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib para sa COVID-19.
- Ang mga sumusunod na tao ay **maaaring** ikonsidera na tumanggap ng pampalakas [booster] na dosis ng bakunang Pfizer sa hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos ng kanilang ika-2 dosis ng bakunang Pfizer, batay sa kanilang mga indibidwal na benepisyo at panganib:
 - mga taong edad 18–49 taong gulang na may [mga pinagbabatayang medikal na kondisyon](#)
 - mga taong edad 18–64 taong gulang na nasa mataas na panganib para sa pagkakalantad at transmisyon sa COVID-19 dahil sa kanilang pangtrabaho o pang-institusyong kapaligiran*

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga peligro at benepisyo o kung ang pampalakas [booster] na dosis ay tama para sa iyo, makipag-usap sa iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

*Ang mga halimbawa ng mga pang-institusyong kapaligiran ay kinabibilangan ng pangangalagang pangkalusugan, mga paaralan, panggrupong tahanan, kulungan, at kanlungan. Ang CDC ay kasalukuyang inilalarawan ang mga trabaho sa pinataas na panganib para sa COVID-19 bilang:

- Mga unang tagatugon (mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, bumbero, pulis, kawani sa magkakatipong pangangalaga)
- Mga kawani ng edukasyon (mga guro, kawani ng paaralan, manggagawa sa pangangalagang pang-araw)
- Mga manggagawa sa pagkain at agrikultura
- Mga manggagawa sa pagmamanupaktura
- Mga manggagawa sa koreksiyonal
- Mga manggagawa sa Serbisyong Koreo ng Amerika [U.S.]
- Mga manggagawa sa pampublikong sasakyan
- Mga manggagawa sa tindahan na groseri

Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang CDC webpage Pampalakas [\[Booster\] na Turok ng Bakunang Pfizer-BioNTech sa COVID-19](#) at ang webpage sa [Mga Booster ng Pfizer sa COVID-19](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan



ng California.

Kung kailangan natin ng pampalakas [booster] na turok, nangangahulugan ba ito na ang mga bakuna ay hindi gumagana?

Hindi. Ang mga bakuna ay mahusay na gumagana. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay patuloy sa pagiging napaka-bisa sa pagbabawas ng panganib ng malubhang sakit, pagpapahospital, at pagkamatay, kabilang ang laban sa baryanteng Delta. Patuloy naming nakikita ang labis na epektibong proteksyon laban sa mga pagpapahospital at malubhang kinalalabasan para sa mga taong ganap nang nabakunahan. Subalit, nagsisimula ng makakita ang mga eksperto sa pampublikong kalusugan ng ilang mga palatandaan na nababawasan ang proteksyon laban sa impeksyon at banayad hanggang sa katamtamang sakit sa hanay ng mga partikular na populasyon.

Habang ang siyensya at ang virus ay unti unting nagbabago, ganun din ang mga rekomendasyon sa bakuna. Ang mga pampalakas [booster] na dosis ay pangkaraniwan sa maraming mga bakuna. Patuloy sa maigting na pagbabantay ang mga siyentipiko at medikal na eksperto para sa mga palatandaan ng paghina ng imyunidad ng mga tao na magkakaibang edad at may magkakaibang mga kadahilanan ng panganib. Tinitingnan rin nila kung gaano kahusay na promotekta ang mga bakuna laban sa mga bagong baryante ng virus. Ang mga eksperto ng FDA at CDC ay patuloy na nirerepaso ang pinakabagong ebidensya upang makapagpasya kung ang mga pampalakas [booster] na dosis ay dapat na irekomenda para sa mas maraming grupo ng mga tao.

Kailan ako makakakuha ng pampalakas [booster] ng bakuna sa COVID-19 kung HINDI ako kabilang sa isa sa mga rekomendadong grupo?

Hindi natin alam sa oras na ito. Maaaring irekomenda na ang mga karagdagang populasyon ay tumanggap ng pampalakas [booster] na dosis habang mas dumarami ang datos na magagamit. Ang mga bakuna sa COVID-19 na aprubado at awtorisado sa Estados Unidos ay patuloy na nagiging napakabisa sa pagbabawas ng panganib ng malubhang sakit, pagpapahospital, at pagkamatay. Tinitingnan ng mga eksperto ang lahat ng magagamit na datos upang maunawaan kung gaano kahusay gumagana ang mga bakuna para sa magkakaibang populasyon. Kabilang rito ang pagtingin kung paano ang mga baryante, tulad ng Delta, ay nakakaapekto sa bisa.

Dapat bang tumanggap ng pampalakas [booster] ang mga taong nakakuha ng bakunang Moderna o Johnson & Johnson?

Hindi sa oras na ito. Ito ay dahil ang FDA ay pinayagan lamang ang bakunang Pfizer bilang pampalakas [booster] na dosis para sa mga taong mayroon ng 2 dosis ng bakunang Pfizer. Ang mga mas matatanda, mga taong may medikal na kondisyon at mga nagtatrabaho o naninirahan sa mga kapaligiran na mataas ang panganib na kumuha ng bakunang Moderna, o J&J ay malamang na mangailangan ng pampalakas [booster] na dosis. Mas marami pang datos sa bisa at kaligtasan ng mga pampalakas [booster] na dosis ng Moderna at J&J ang inaasahan sa mga darating na linggo at gagawin ang mga rekomendasyon para sa mga taong tumanggap ng mga bakunang yon.

Tandaan na inirerekomenda na ang mga taong may banayad o malubhang mahinang sistema ng imyunidad na tumanggap ng 2 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna ay makakuha ng karagdagang dosis ng parehong bakuna. Ito ay maaaring ibigay ng hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng ika-2 bakuna (tingnan [Kaya ba ng mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad ang kumuha ng bakuna sa COVID-19?](#))

Ano ang mga panganib sa pagkuha ng pampalakas [booster] na bakuna?

Hanggang sa ngayon, ang [mga iniulat na reaksiyon](#) pagkatapos ng pampalakas [booster] na Pfizer na dosis ay katulad ng sa pangunahing serye na 2 turok. Pagkapagod at pananakit sa lugar ng iniksiyon ang pinakamalamang na naiulat na epekto. Sa pangkalahatan, karamihan ng mga epekto ay banayad hanggang sa katamtaman. Pagdating sa pangunahing serye na 2 turok, ang [malulubhang epekto ay bihira](#), ngunit maaaring maganap. Para sa karamihan, ang mga benepisyo ng pagkuha ng turok na pampalakas [booster] ay mas matimbang sa napag-alaman at potensyal na mga panganib.





Kakailanganin ko bang magpakita ng maikling sulat o reseta ng doktor o ang kumuha ng karagdagang dosis o pampalakas [booster] na dosis?

Hindi. Maaari mong patunayan ng sarili (mag-ulat nang sarili) kung ikaw ay karapat-dapat. Maaari kang tumanggap ng pampalakas [booster] na dosis saanman inaalok ang mga bakunang Pfizer. Kung pupunta ka sa lugar ng pagpapabakuna na pinatatakbo ng Pamublikong Kalusugan, hihilingin sa iyong lagdaan ang [form sa pagpapatunay ng sarili](#) na ito. Bisitahin ang [Paano Mababakunahan](#) na webpage upang maghanap ng lokasyon na nag-aalok ng uri ng bakunang kailangan mo.

PAGKUHA NG BAKUNA

Kailangan ba akong magbayad para makakuha ng bakuna sa COVID-19?

Hindi. Kung mayroon kang seguro (insurance), ang iyong doktor o botika ay maaring maningil sa iyong kumpanya ng seguro (insurance company) ng bayad para sa pagbibigay ng bakuna. Ang mga taong walang seguro sa kalusugan (health insurance) ay maaari ring makakuha ng mga bakuna sa COVID-19 nang walang gastos. Walang bayad na dapat manggaling kaninuman.

Tatanungin ba ako tungkol sa katayuan ko sa imigrasyon kapag ako ay nagpabakuna sa COVID-19?

Hindi. Ibinibigay ang bakuna sa COVID-19 nang walang gastusin anupaman ang katayuan sa imigrasyon. Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan sa iyong imigrasyon kapag ikaw ay nagpabakuna sa COVID-19. Ang iyong medikal na impormasyon ay pribado at ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay hindi nakakaapekto sa katayuan ng iyong imigrasyon. Hindi mo kailangan ng isang pagkakakilanlan [ID] na inisyu ng gobyerno o isang sulat mula sa iyong amo (employer) para magpabakuna. Para sa mga katanungan tungkol sa imigrasyon, bisitahin ang webpage ng Opisina ng mga Gawaing Imigrante sa oia.lacounty.gov o tawagan ang 800-593-8222.

Kailangan ko bang magbigay ng numero ng mobile phone o email address kapag ako ay nagpabakuna sa COVID-19?

Hindi. Kapag ikaw ay nagpabakuna, hihilingin sa iyong magbigay ng email address o numero ng mobile phone. Ang impormasyong ito ay ipapasok sa Estado ng California [State of California] immunization registry (CAIR) upang ikaw ay makakuha ng digital na talaan [record] ng bakuna sa COVID-19. Maaari rin itong gamitin upang magpadala ng mga paalaala kung mas marami pang mga dosis ng bakuna sa COVID-19 ang nakatakdang ibigay o inirekomenda. Ang digital na talaan [record] ng bakuna ay libre at maginhawang paraan upang patunayan ang iyong katayuan sa pagpapabakuna. Lalo itong kapaki-pakinabang kung maiwawala mo ang iyong puting tarheta [card] ng bakuna (white vaccine card). Hindi mo kailangang ibigay ang iyong email address o cell number para makakuha ng bakuna at puting tarheta [card] sa pagpapabakuna sa COVID-19 ng CDC. Ngunit, maaaring gawin nitong mas mahirap ang kumuha kalaunan ng digital na talaan [record] ng bakuna. Matututunan mo ang higit pa tungkol sa digital na talaan [record] ng pagpapabakuna sa myvaccinerecord.cdph.ca.gov at tungkol sa mga proteksyon sa pagiging kumpidensyal [dito](#).

Paano ako mababakunahan?

Makukuha ang mga bakuna sa daan-daang mga lokasyon sa buong LA County kabilang ang mga klinika, botika, lugar ng trabaho, paaralan, lugar ng pagsamba, mga nabuong pabahay para sa mga matatanda at mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Mayroon ding mga lugar ng pagpapabakuna sa komunidad at gumagala o sumusulpot (mobile or pop-site) sa mga lugar na tulad ng mga estasyon ng lungsod at parke. Ang pagpapabakuna sa bahay ay makukuha rin para sa mga taong hindi nakakalabas ng bahay. Maraming mga lokasyon ang hindi nangangailangan ng tipanan (appointment).



Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) at iklik ang “Paano Mababakunahan” upang makahanap ng lokasyon o [humiling](#) ng pagpapabakuna sa bahay. Kung kailangan mo ng tulong, maaari mong tawagan ang Sentro ng Tumatawag sa Pagbabakuna ng DPH (DPH Vaccine Call Center) sa **833-540-0473**, 7 araw sa isang linggo mula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi. Maaari nilang isaayos ang pagpapabakuna sa bahay, libreng transportasyon papunta sa lugar ng pagpapabakuna, o makatulong sa paratransit at iba pang mga serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan. Makukuha rin ang impormasyon sa maraming wika 24/7 sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1.

Kakalipat ko lang sa LA County at ang aking ika-2 dosis ng bakuna ay dapat nang makuha. Saan ako makakakuha nito?

Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) (tingnan ang mga tagubilin sa itaas) at iklik ang tagasala (filter) upang makahanap ng lokasyon na nag-aalok ng parehong uri ng bakuna na nakuha mo mula sa iyong unang dosis. Siguruhing dalhin ang CDC tarheta ng pagbabakuna (CDC vaccination card) sa iyong tipanan ng ika-2 dosis.

Maaari ba akong kumuha ng bakasyon dahil sa pagkakasakit (sick leave) kapag ako ay pumunta para magbabakuna o kung ako ay hindi makapagtrabaho pagkatapos mabakunahan?

Ang mga saklaw na empleyado sa mga pampubliko o pribadong sektor na nagtatrabaho para sa mga amo (employer) na may higit sa 25 empleyado ay may karapatan sa hanggang 80 oras ng nauugnay na bakasyon dahil sa pagkakasakit sa COVID-19 mula Enero 1, 2021 hanggang Setyembre 30, 2021. Kabilang rito ang pagdalo sa isang tipanan ng pagpapabakuna o hindi magawang makapagtrabaho o telework dahil sa mga sintomas na nauugnay sa bakuna. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang 2021 COVID-19 Karagdagang Bayad na Bakasyon Dahil sa Pagkakasakit (Supplemental Paid Sick Leave) para sa [Mga Kadalasang Katanungan](#) (FAQS) at paskil ([poster](#)).

Saan ako makakakuha ng kopya ng talaan [record] ng aking bakuna?

Ang CDC COVID-19 Tarheta ng Talaan ng Bakuna [Vaccination Record Card] (puting tarheta) ay ang opisyal na patunay ng pagpapabakuna. Ang lahat ay dapat na mabigyan nito kapag sila ay nabakunahan. **Mangyaring panatiliing ligtas ito dahil hindi na ito mapapalitan.** Ikonsidera ang pagkuha ng larawan o paggawa ng kopya nito.

Ang lahat* ng nabakunahan na sa California ay maaaring humiling ng isang digital na Talaan [Record] ng Pagpapabakuna sa COVID-19 sa myvaccinerecord.cdph.ca.gov. Ito ay isa ring opisyal na talaan [record]. Maaari itong i-download sa Google Pay digital wallet sa Android na telepono. (Ang Apple Wallet na bersyon ay magagamit na sa mga iPhones sa mga susunod na panahon). Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang [Mga Talaan \[Record\] sa Pagpapabakuna](#) na webpage.

*Kung ikaw ay nabakunahan ng pederal na pasilidad (hal., Kagawaran ng Depensa, Serbisyo sa Kalusugan ng Indiyano o mga Usapin ng Beterano), dapat kang direktang humiling ng talaan [record] sa bakuna mula sa pasilidad.

TUNGKOL SA BAKUNA

Paano gumagana ang mga bakuna?

Gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng paghahanda sa likas na depensa ng iyong katawan na kilalanin at labanan ang mga mikrobyo na maaaring magbigay sa iyo ng sakit.

- Naglalaman ang ilang mga bakuna ng patay o mga mahihinang bersyon ng mikrobyo.
- Ang ilan ay naglalaman ng mga sangkap na ginawang parang bahagi ng mikrobyo.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay tinuturuan ang katawan na gumawa ng mga protina na mukhang bahagi ng virus na nagsasanhi ng COVID-19. Wala sila ng anumang anyo ng COVID-19 virus, buhay, mahina o patay. (Tingnan ang tanong na “Paano gumagana ang mga bakuna sa COVID-19?” para sa mas marami pang impormasyon).



Kapag ikaw ay binakunahan, ang iyong sistema ng imyunidad ay tumutugon sa pamamagitan ng:

- Gumagawa ng panlabang pangkatawan (antibodies). Ito ay mga protina na natural na ginagawa ng sistema ng imyunidad para labanan ang sakit.
- Inihahanda ang iyong mga selula ng imyunidad (immune cell) na tumugon sa hinaharap na impeksyon.
- Tinatandaan ang sakit at kung paano ito labanan. Kung ikaw ay nalantad sa mikrobyo pagkatapos na mabakunahan, ang iyong sistema ng imyunidad ay mabilis na pupuksain ito bago pa man ikaw ay magkasakit.

Ito ang dahilan kung bakit ang mga bakuna ay napaka-epektibo. **Sa halip na gamutin ang sakit pagkatapos na ito ay mangyari, nagagawang pigilin ng mga bakuna na tayo ay magkasakit sa unang banda.**

Paano gumagana ang mga bakuna sa COVID-19?

Ang lahat ng 3 bakuna sa COVID-19 ay gumagana sa pamamagitan ng pagtuturo sa ating mga selula ng imyunidad (immune cells) kung paano gumawa ng mga panggagaya ng “spike protein” (ang tila koronang mga pakong nasa ibabaw ng COVID-19 virus). Ang paggawa ng malapakong protina (spike protein) ay hindi nakakasama sa ating mga selula.

- Ang ating sistema ng imyunidad ay nakikita ang malapakong protina (spike protein) at alam na hindi sila nabibilang doon
- Ang ating mga katawan ay tumutugon sa pamamagitan ng pagbubuo ng imyunidad (immune) na pagtugon. Gumagawa ito ng panlabang pangkatawan (antibodies) na maaaring kumilos laban sa malapakong protina (spike protein) ng COVID-19 virus at inihahanda nito ang mga selula ng imyunidad (immune cell). Ito ay magpoprotekta sa atin kung tayo ay malalantad sa virus sa hinaharap.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagkakaiba sa kung paano nila turuan ang ating mga selula para gawin ang malapakong protina (spike protein)

- Ang mga bakuna na gawa ng Pfizer at Moderna ay tinatawag na mga bakunang mRNA. Ang mensaherong (messenger) RNA (mRNA) ay ang henetikong materyales na nagsasabi sa ating mga katawan kung paano gumawa ng mga protina. Ang mRNA sa bakuna ay nakabalot sa malalangis na bula (na kilala bilang napakaliliit na bahagi na lipid [lipid nanoparticles]). Kapag ang mRNA ay pumasok sa ating mga selula, tinuturuan sila nito kung paano gumawa ng mga kopya ng malapakong protina (spike protein).
- Ang bakunang gawa ng J&J/Janssen ay tinatawag na bakuna na viral vector. Ang vector (o sasakyan [vehicle]) ay gumagamit ng hindi nakasasamang virus para dalhin ang henetikong materyales sa ating mga selula. Ang ating mga selula ay nagbabasa ng henetikong materyales at gumagawa ng mRNA, at ang mRNA na ito ay tinuturuan ang ating mga selula na gumawa ng malapakong protina (spike protein). Ang viral vector ay hindi nakakasamang bersyon ng karaniwang virus ng sipon. Hindi nito kayang magparami sa loob ng ating mga selula o magsanhi ng sakit at hindi nito mababago ang ating DNA sa anumang paraan.

Mas marami ka pang matutunan sa [Pag-unawa sa Kung Paano Gumagana ang mga Bakuna sa COVID-19](#) na website ng Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC).

Ano ang nasa mga bakuna?

Para sa kompletong listahan ng mga sangkap, mangyaring tingnan ang katotohanang talaan (Fact Sheet) ng bawat bakuna para sa mga Tumatanggap at mga Tagapag-alaga: [bakuna sa COVID-19 na Pfizer-BioNTech](#), [bakuna sa COVID-19 na Moderna](#), at [bakuna sa COVID-19 na J&J/Janssen](#). Ang mga bakunang Pfizer [COMIRNATY] at Moderna ay naglalaman ng Polyethylene Glycol (PEG) at ang bakunang J&J ay naglalaman ng polysorbate. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng mga itlog, gelatin, latex, o mga pampreserba (preservatives).

Naglalaman ba ang mga bakuna sa COVID-19 ng mga inilaglag (aborted) na binhi sa sinapupunan (fetal cell)?

Hindi, wala sa mga bakuna sa COVID-19 na magagamit sa Estados Unidos ang naglalaman ng anumang tisyu ng sinapupunan (fetal tissue) o mga selula ng sinapupunan (fetal cell).

- Ang **Pfizer at Moderna** ay hindi gumagamit ng anumang mga hanay ng selula ng sinapupunan (fetal cell) para gumawa o lumikha ng kanilang mga bakuna sa COVID-19. Ngunit talagang gumagamit sila ng hanay ng selula ng sinapupunan (fetal cell) para sa pagsusuri sa laboratoryo (laboratory testing) bago sinubok ang kanilang mga bakuna sa mga tao.
- Ang **Johnson & Johnson** ay gumagamit ng hanay ng selula ng sinapupunan (fetal cell) para gumawa at magsuri ng kanilang bakuna sa COVID-19. Ginamit din nila ito para sa produksyon. Ang mismong mga bakuna sa COVID-19 ay hindi naglalaman ng anumang mga selula ng sinapupunan (fetal cell).

Ang mga hanay ng selula ng sinapupunan (fetal cell) ay ginawa sa mga laboratoryo mula sa mga selula na galing sa 2



aborsyon na isinagawa noong 1973 at 1985. Wala sa mga ginamit na selula ng sinapupunan (fetal cell) ang nanggaling mula sa kamakailan lamang na aborsyon o mula sa aborsyon na ginawa para sa tanging layunin sa paggawa ng bakuna o iba pang pananaliksik (research).

Ang Simbahang Katoliko ay nagrepasso ng paggamit ng mga selula ng sinapupunan (fetal cell) para sa layuning ito at inihayag na “moral na katanggap-tanggap ang tumanggap ng mga bakuna sa COVID-19 na gumamit ng mga hanay ng selula mula sa mga nalaglag na di pa isinisilang (fetus) sa kanilang proseso ng pananaliksik at produksyon.” Kung ang isyu na ito ay nakapagpapabahala sa iyo, hinihikayat namin kayong maingat na suriin ang dokumento na [Bakuna sa COVID-19 at mga Hanay ng Selula ng Sinapupunan \[Fetal Cell\]](#) (COVID-19 Vaccine and Fetal Cell Lines) upang kayo ay makagawa ng isang may kaalamang desisyon tungkol sa pagbabakuna.

KALIGTASAN AT MGA EPEKTO (SIDE-EFFECTS)

Maaari ba akong makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna?

Hindi. Hindi ka makakakuha ng COVID-19 sa bakuna. Wala sa mga bakuna sa COVID-19 ang may virus na nagsasanhi ng COVID-19 sa kanila.

Kung magkakaroon ka ng COVID-19 pagkatapos na mabakunahan, ito ay dahil sa nahawahan ka ng ibang taong may COVID-19 sa bandang oras na ikaw ay nabakunahan. Maaaring abutin ng hanggang 14 na araw bago magpakita ang mga sintomas pagkatapos na ikaw ay mahawahan. Kaya’t kung ikaw ay nahawahan bago mabakunahan, maaaring hindi ka magkasakit hanggang sa pagkatapos mong makuha ang iyong bakuna.

Posible rin na mahawahan pagkatapos mong mabakunahan, dahil tumatagal ito sa katawan mo bago makabuo ng imyunidad. At, kahit na ang mga bakuna ay napaka-epektibo, wala sa kanila ang 100% na epektibo.

Paminsan-minsan ang mga tao ay nagkakalagnat o nakakaramdam ng pagkapagod sa isang araw o dalawa pagkatapos na mabakunahan. Ang mga epektong ito (side-effects) ng bakuna ay normal at palatandaan na ang ating katawan ay bumubuo ng imyunidad. Dapat na mawala ang mga ito sa ilang araw.

Ligtas ba para sa akin na magpabakuna sa COVID-19 kung nais kong magkaroon ng anak isang araw?

Oo. Inirerekomenda ng CDC ang pagpapabakuna para sa lahat ng tao edad 12 taon at pataas, kabilang ang mga taong buntis, nagpapasuso, sumusubok na magbuntis ngayon, o sakaling mabuntis sa hinaharap. Ang mga taong buntis ay mas malamang na lubhang magkasakit sa COVID-19 kumpara sa mga hindi buntis. Dagdag pa rito, mas malamang na makakuha ng komplikasyon ang mga buntis tulad ng maagang panganganak kung mayroon silang COVID-19.

Walang ebidensya na ang mga bakuna ng COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagbubuntis, kabilang ang pagkakabuo ng plasenta. At saka, walang ebidensya na ang mga problema sa pertilidad ng babae o lalake ay masamang epekto ng anumang bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19. Hindi binabago ng mga bakuna ang DNA ng tao at walang ebidensya na nakakaapekto ang mga ito sa pagbibinata/pagdadalaga o pagyabong ng kabataan.

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang [webpage ng Sentro ng Pagkontrol sa Pagkakasakit \(CDC\) na Bakuna Para sa COVID-19 para sa mga Taong Gustong Magkaanak](#).

Maaapektuhan ba ng bakuna sa COVID-19 ang aking regla?

Ang ilang mga tao ay nag-ulat ng pagbabago sa kanilang regla pagkatapos magpabakuna, kabilang ang mas matinding daloy at masakit na pamumulikat. Hindi pa namin alam kung ang mga pagbabagong ito ay dahil sa bakuna – walang mga pagbabago sa regla ang iniulat mula sa mga pagsubok ng bakuna at walang pang mga resulta ng pag-aaral ang magagamit sa isyung ito. Mahalagang tandaan, maraming bagay ang maaaring magsanhi ng pagbabago sa mga siklo ng pagrereglang tulad ng tensyon (stress), pagbabago sa pagtulog, diyeta, ehersisyo, at ilang medisina. Ang mga hindi regular na panahon ng regla ay napaka-karaniwan sa mga tinedyer at maaaring wala namang partikular na sanhi. Kung may mga pagkabahala ka tungkol sa iyong



regla o sa regla ng iyong anak, makipag-usap sa doktor.

Ano ang mga karaniwang epekto (side-effects) ng mga bakuna sa COVID-19?

Pagkatapos magpabakuna ng COVID-19, maaari kang makakuha ng mga epekto (side effects), kagaya pagkatapos ng bakuna sa trangkaso o mamaso (shingles) . Para sa mga bakuna na dalawang dosis, mas karaniwan ang mga epekto pagkatapos ng pangalawang dosis. Ang mga epektong ito ay maaaring makaapekto sa iyong kakayahan na gumawa ng mga pang araw-araw na aktibidad, ngunit ang mga ito ay dapat na mawala sa isa o dalawang araw. Hindi lahat ay nagkakaroon ng mga epekto. Maaari silang kabilangan ng:

- Lagnat, pagkaginaw, at mga pananakit ng kalamnan
- Sakit ng ulo
- Pakiramdam ng pagkapagod
- Nananakit o namumulang braso

Ang mga epekto ay normal at isang palatandaan na ang bakuna ay gumagana. Ipinapakita nito na ang iyong katawan ay natututong lumaban sa mikrobyo (virus) at bumubuo ng imyunidad (immunity). Hindi lahat ay nagkakaroon ng epekto (side-effects). Mahalagang makuha ang pangalawang dosis kahit na ikaw ay magkaroon ng mga epekto pagkatapos ng unang dosis maliban kung ang tagapagbigay ng bakuna o iyong doktor ay magsasabi sa iyo na huwag na itong gawin.

Kontakin ang iyong doktor kung ikaw ay mayroong:

- Mga epekto ng bakuna na nagtatagal ng higit 2 araw,
- Mga bagong sintomas na nagsimula ng higit sa 2 araw pagkatapos mong magpabakuna
- Ubo, pangangapos ng hininga, sipon, pananakit ng lalamunan, o bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy (dahil ang mga ito ay hindi mga epekto ng bakuna)
- Mga sintomas na lumalala o nakapagpapabahala sa iyo.

Mayroon bang anumang malulubhang mga epekto?

Oo, ang malulubhang mga epekto ay maaaring mangyari ngunit napakabihira. Ang mga sistema sa pagsusubaybay sa kaligtasan ng bakuna ay nakapagtukoy na ng apat na malulubhang mga problema sa kalusugan, na inilarawan sa ibaba. Kung tumanggap ka ng bakuna, tingnan ang [Pagkatapos Mong Makakuha ng Bakuna](#) upang malaman ang tungkol sa mga maaaring sintomas na babantayan.

- **Anaphylaxis** - Ang anaphylaxis ay isang bihira ngunit malubhang reaksiyon ng alerdyi na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang pagpapabakuna. Nangyari na ito sa humigit-kumulang na 2 hanggang 5 tao kada milyong nabakunahan laban sa COVID-19 sa Amerika (US). Ang lahat ay inoobserbahan panandalian pagkatapos na makakuha ng bakuna sa COVID-19 nang sa gayon kung mangyayari ang anaphylaxis, maaari itong gamutin agad-agad. Alamin ang mas marami pa sa webpage ng CDC na [Ano ang Gagawin kung Ikaw ay Mayroong Reaksiyon ng Alerdyi pagkatapos na Magpabakuna sa COVID-19](#).
- **Thrombosis na may thrombocytopenia syndrome (TTS):** Ang TTS ay isang bihira ngunit malubhang kondisyon na kinabibilangan ng mga pamumuo ng dugo at mababang platelets. Naiulat na ito sa mga taong tumanggap ng bakunang J&J. Ang mga kababaihan na mas bata pa sa 50 taong gulang ay lalong dapat na nalalaman na mataas ang panganib sa kanila sa bihirang kondisyon na ito – halos 7 sa kada 1 milyong kababaihan edad 18 hanggang 49 na tumanggap ng bakunang J&J ang nagkaroon ng TTS. Para sa mga kababaihan edad 50 taong gulang pataas at kalalakihan sa lahat ng edad, ang panganib ng TTS ay mas lalo pang bibihira. Upang matutunan ang mas marami pa, bisitahin ang [webpage sa mga madalas na katanungan sa bakunang J&J](#) ng CDC.
- **Guillain-Barré Syndrome (GBS):** Ang GBS ay isang bihirang karamdaman kung saan ang sistema ng imyunidad ng katawan ay pinipinsala ang mga selula ng nerbiyo. Nagsasanhi ito ng panghihina ng kalamnan at minsan ay pagkaparalisa (paralysis). Karamihan sa mga tao ay ganap na gumagaling mula sa GBS, ngunit ang ilan ay nagkakaroon ng permanenteng pinsala sa nerbiyo. Ang GBS ay naiulat na sa mga taong tumanggap ng bakunang



J&J. Mas maraming mga kaso sa kalalakhian, lalo na sa mga lalakeng edad 50 pataas. Halos lahat ng mga tao ay nagkasakit sa loob ng 6 na linggo pagkatapos na magpabakuna. Karamihan ay nagkasakit sa unang 3 linggo. Sa kabuuan, tinatayang 7.8 na mga tao ang nagkakaroon ng GBS sa kada milyong tao na tumanggap ng bakunang J&J.

- **Myocarditis at pericarditis** – Ang pamamaga ng kalamnan ng puso (myocarditis) o panlabas na balat [lining] ng puso (pericarditis) ay nakita na sa mga taong tumanggap ng mga bakunang Pfizer [**COMIRNATY**] at Moderna. Karamihan sa mga kaso ay naiulat sa mga may edad na kalalakhian at kabataan ilang araw pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakuna. Karamihan sa mga taong nakatanggap ng pangangalaga ay bumuti sa gamot at pahinga at mabilis na gumanda ang pakiramdam. Ang mga taong nakakaranas ng mga ganitong kondisyon ay karaniwang nakakabalik sa kanilang mga normal na pang-araw-araw na aktibidad pagkatapos na bumuti ang mga sintomas.

Sa pangkalahatan, tinatayang 3.5 na mga tao ang nagkakaroon ng myocarditis sa bawat milyong tao na nakatanggap ng ika-2 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna. Mahalagang tandaan na ang myocarditis at pericarditis ay mas karaniwan sa mga taong nagkaka-COVID-19, at ang mga panganib sa puso mula sa impeksyon ng COVID-19 ay maaaring maging mas malubha. Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng CDC na [Myocarditis at Pericarditis Kasunod ng mRNA na Pagpapabakuna sa COVID-19](#).

Hanggang sa ngayon, higit 350 milyong dosis ng bakuna sa COVID-19 ang naibigay na sa Amerika (US). Bagaman ang masasamang epekto ay maaaring mangyari, ang mga ito ay napakabihira. Ang mga benepisyo ng pagpapabakuna ay mas matimbang kaysa sa panganib.

Ang mga bakuna ba sa COVID-19 ay malamang na magkaroon ng mga anumang pangmatagalang epekto (long term side effects)?

Ang mga pangmatagalang epekto kasunod ng anumang pagbabakuna ay lubhang bibihira. Ang pagsusubaybay sa bakuna ay makasaysayang ipinapakita na kung ang mga epekto ay mangyayari, pangkalahatang silang magaganap sa loob ng anim na linggo ng pagkakatanggap ng dosis ng bakuna. Sa kadahilanang ito, ang Food and Drug Administration ay inatasan ang bawat pinayagang mga bakuna sa COVID-19 na kanilang inawtorisa na mapag-aralan nang hindi bababa sa walong linggo pagkatapos ng huling dosis habang may pagsusubok na klinikal. At, ang Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC) ay patuloy na masusing sumusubaybay sa mga bakuna ng COVID-19 pagkatapos silang payagan at maaprubahan ng FDA. Ito ang dahilan kung paano namin mabilis na nalaman ang tungkol sa bihirang pamumuo ng dugo (blood clot) na may mababang platelets sa napakaliit na bilang ng mga kababaihan na tumanggap ng bakunang J&J (tingnan sa itaas). Kung ang mga siyentipiko ay makakahanap ng anumang koneksyon sa pagitan ng isyu sa kaligtasan at anumang bakuna, ang FDA at ang mga gumagawa ng bakuna ay nagtutulungan patungo sa solusyon para tugunan ang partikular na pagkabahala sa kaligtasan (halimbawa, problema sa partikular na pangkat [batch], isyu sa paggagawa, o ang bakuna mismo).

Kung ako ay makakakuha ng masamang reaksiyon (posibleng epekto) pagkatapos kong mabakunahan, paano ko iulat ito?

Kung mayroon kang masamang pangyayari (posibleng epekto) pagkatapos mong mabakunahan, kahit na hindi ka sigurado na ang bakuna ang dahilan nito, mangyaring iulat ito sa VAERS. Ang Vaccine Adverse Event Reporting System ay isang maagang sistema ng pagbibigay babala na gamit ng FDA at CDC para matuklasan ang posibleng mga problemang pangkaligtasan. Para gumawa ng ulat, tawagan ang 1-800-822-7967 o bisitahin ang <https://vaers.hhs.gov/reportevent.html>.

Kung nakapagpalista (sign up) ka na sa [V-Safe](#), ang tagatingin ng kalusugan (health checker) ng Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC) pagkatapos ng pagbabakuna, maaari mo ring iulat ang iyong mga sintomas sa pamamagitan ng smart phone app.

Wala alinman sa VAERS o V-Safe ang nagbibigay ng medikal na payo. Kung mayroon kang mga sintomas o mga problema sa kalusugan na nakapagpapabahala sa iyo sa anumang oras kasunod ng pagbabakuna sa COVID-19, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o humanap ng medikal na paggamot.



Ang pagbabakuna ba ay magiging dahilan para ako ay magpositibo sa COVID-19 na pagsusuri (test)?

Hindi. Ang mga bakuna ay hindi magiging dahilan para ikaw ay masuring positibo sa pagsusuri sa PCR o antigen viral (pagpahid at pagdurang pagsusuri) na naghahanap para sa kasalukuyang impeksyon ng COVID-19. Maaari kang magpositibo sa ilang panlaban ng katawan [antibody] (dugo) na pagsusuri. Ito ay dahil gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng pagtuturo sa iyong katawan na gumawa ng panlaban ng katawan (antibodies).

Tingnan ang webpage ng pampublikong pangkalusugang pagsusuri ph.lacounty.gov/covidtests upang mas marami pang matutunan tungkol sa mga pagsusuri sa COVID-19.

SINO ANG MAAARING MAKAKUHA NG BAKUNA?

Kung nagkaroon na ako ng COVID-19, kailangan ko pa bang magpabakuna?

Oo. Kailangan mo pa ring magpabakuna kahit nagkaroon ka na ng COVID-19. Hindi pa namin alam kung gaano katagal kang protektado pagkatapos mong magkaroon ng COVID-19. Ang pagpapabakuna ay magpapalakas ng iyong imyunidad para sa mas magaling at mas mahabang proteksyon laban sa COVID-19, kabilang ang mas higit na nakahahawang mga baryante ng virus.

Ligtas ang pagbabakuna pagkatapos na magka-COVID-19, ngunit dapat kang maghintay hanggang matapos ang iyong panahon ng pagbubukod. Ito ay para hindi mo mahawahan ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at iba pa kapag ikaw ay magpapabakuna. Kung meron kang monoclonal antibody o pagpapagaling (convalescent) na paggamot, dapat kang maghintay ng 90 araw bago magpabakuna ng COVID-19.

Maaari bang magpabakuna sa COVID-19 ang mga bata?

Ang mga batang edad 12 pataas ay maaaring mabakunahan ng bakunang Pfizer. Kasalukuyang pinag-aaralan ang mga bakuna sa mga mas bata sa edad 12, at maaaring may magagamit na bakuna ang mga mas bata sa kahulihan ng taglagas o taglamig.

Higit sa 4 na milyong bata na ang nasuring positibo para sa COVID-19 sa Amerika (US) mula nang magsimula ang pandemya. Bagaman ang COVID-19 ay madalas na mas banayad sa mga bata kaysa sa mga matatanda, maaaring labis na magkasakit ang ilang bata o magkaroon ng pangmatagalang mga problema sa kalusugan mula sa COVID-19. Ang pagpapabakuna sa inyong anak ay pinabababa ang kanilang panganib na mahawa sa virus na nagsasanhi ng COVID-19. Ang bakuna ay magpoprotekta rin laban sa Multi-system Inflammatory Syndrome in Children (MIS-C) – isang bihira ngunit malubhang kondisyon sa mga nakababata na nagkaroon ng COVID-19.

Ang mga batang nahawahan ay maaaring maikalat ang virus sa iba kahit hindi sila nakakaramdam ng sakit. Ang pagpapabakuna ay tumutulong protektahan ang mga kaibigan at pamilya, pati na rin ang mas malaking komunidad. Kabilang rito ang pagprotekta sa mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad (immune system) at mga batang wala pang 12, na hindi pa pwedeng mabakunahan.

Sa sandaling ang iyong anak ay ganap nang nabakunahan, sila ay malamang na hindi mahawahan kapag bibisitahin nila ang mga kaibigan, maglaro ng palakasan, maglakbay para makita ang pamilya, at magbalik sa paaralan. Hindi na nila kailangang magkulong (quarantine) kung ang kaibigan, miyembro ng pamilya, guro o kakampi sa koponan ay magkaroon ng COVID-19.

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang [COVID-19 Mga Madalas na Katanungan para sa mga Magulang](https://www.lacounty.gov/health/COVID-19/Mga-Madalas-na-Katanungan-para-sa-mga-Magulang) sa [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) webpage.

Maaari bang magpabakuna sa COVID-19 ang mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad (immune system)?

Oo. Ang mga taong may mahihinang mga sistema ng imyunidad (immunocompromised) ay mariing hinihikayat na magpabakuna dahil sila ang nasa mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng COVID-19. Mas malamang din na sila ay labis na magkasakit kung sila ay mahawahan. Ito ay lalong mahalaga ngayon na ang baryanteng Delta ay napakakaraniwan dahil ito ay mas nakakahawa kaysa sa dating mga bersyon ng virus.



Ang mga bakuna ay maaaring hindi gumana ng pareho sa mga taong may partikular na mga kondisyon sa kalusugan o umiinom ng gamot na nakapagpapahina ng kanilang sistema ng imyunidad¹ (halimbawa, mga kanser na may kinalaman sa dugo o ilang partikular na paggamot para sa kanser, paglalagay ng mga panloob na bahagi ng katawan [organ transplants], at mga partikular na kondisyon ng autoimmune).

Kung mayroon kang banayad o malubhang mahinang sistema ng imyunidad at nakakuha na ng 2 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna, inirerekomenda na kumuha ka ng ika-3 dosis ng bakuna. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pangangailangan na makakuha ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19 at ang pinakamagandang panahon na makuha ito. Ang ika-3 dosis ng mRNA na bakuna ay dapat na ibigay sa hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng ika-2 dosis. Parehong uri ng bakuna ay dapat na gamitin kung maaari. Halimbawa, kung kumuha ka ng serye ng bakunang Pfizer, subukang kumuha ng bakunang Pfizer para sa iyong ika-3 dosis. Isang kasunod (follow-up) na dosis ay kasalukuyang hindi inirerekomenda para sa mga nakatanggap ng bakunang J&J. Sinusuri pa rin ng FDA ang datos (data) sa kung gaano kahusay na gumagana ang bakunang J&J sa mga taong may mahihinang mga sistema ng imyunidad.

Kung mayroon kang isang mahinang sistema ng imyunidad, napakahalagang ipagpatuloy na protektahan ang iyong sarili pagkatapos na makakuha ng ika-3 dosis ng bakuna. Kabilang rito ang pagsusuot ng maskara na maayos ang pagkaka-kasya, pagpapanatili ng distansyang pisikal, pag-iwas sa mga maraming taong lugar o espasyo na may mahinang daloy ng hangin, at madalas na paghuhugas ng mga kamay. Isaalang-alang ang “[dobleng pagmamaskara](#)” (pagsusuot ng telang maskara sa mukha sa ibabaw ng maskarang pang-opera) o isang N95 respireytor (respirator) para sa mas mataas na antas ng proteksyon. Ang mga taong malapitan mong nakakasalamuha ay maaaring makatulong sa iyo na maprotektahan ka sa pamamagitan ng pagpapabakuna rin nila.

Maaari bang magpabakuna sa COVID-19 ang mga taong may mga alerdyi (allergy)?

Depende ito.

- Ang mga tao na may alerdyi (allergy) sa mga bagay tulad ng iniinom na gamot (oral medication), pagkain (kabilang ang mga itlog), latex, mga alagang hayop, o pollen, o mga taong may kasaysayan ng mga alerdyi (allergy) sa pamilya, ay maaaring mabakunahan.
- Kung mayroon kang reaksiyon ng alerdyi (allergy) sa bakuna o itinuturok na paggagamot (therapy), makipag-usap sa iyong doktor para mapagdesisyonan kung ligtas ang mabakunahan.
- Kung ikaw ay may alerdyi (allergy) sa Polyethylene Glycol (PEG), hindi ka dapat magpabakuna ng bakunang Pfizer (**COMIRNATY**) o Moderna. Tanungin ang iyong doktor kung maaari kang magpabakuna ng bakunang J&J.
- Kung ikaw ay may alerdyi (allergy) sa polysorbate, hindi ka dapat magpabakuna ng bakunang J&J. Tanungin ang iyong doktor kung maaari kang magpabakuna ng bakunang Pfizer o Moderna.

May maliit na panganib ng anaphylaxis (malubhang uri ng reaksiyon ng alerdyi) sa anumang bakuna. Ito ang dahilan kung bakit ang lahat ay inoobserbahan sa maikling panahon pagkatapos na magpabakuna sa COVID-19.

Ang impormasyon tungkol sa mga reaksiyon ng alerdyi (allergy) ay maaaring magbago. Siguruhing tingnan ang pinakabagong gabay sa webpage ng [COVID-19 Mga Bakuna para sa mga taong may Alerdyi \(Allergy\)](#) ng Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC) at makipag-usap sa iyong doktor.

¹ Ang mga taong may mga kondisyon sa kalusugan o umiinom ng gamot na nakapagpapahina ng kanilang sistema ng imyunidad ay maaaring hindi makakuha ng ganap na proteksyon mula sa pagpapabakuna. Kabilang rito ang mga taong may:

- Tumatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa mga tumor o kanser ng dugo
- Tumanggap ng paglipat ng pangloob na bahagi ng katawan (organ transplant) at umiinom ng gamot para pigilin ang sistema ng imyunidad
- Tumanggap ng paglipat ng selula ng stem (stem cell transplant) sa loob ng huling 2 taon o umiinom ng gamot para pigilin ang sistema ng imyunidad
- Banayad o malubhang pangunahing kakulangan sa imyunidad (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Malala o hindi ginamot na impeksyon ng HIV
- Aktibong paggamot gamit ang matataas na dosis na corticosteroids o iba pang mga gamot na pumipigil sa pagtugon ng imyunidad

Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon ka ng isa sa mga ito o isang kahalintulad na kondisyon. Para sa mas marami pang impormasyon, kabilang kung kailan ang mga karagdagang dosis ng bakuna ay inirerekomenda, bisitahin ang CDC webpage na [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may Banayad o Malubhang Pagkakahina ng Imyunidad](#).



Ang bakuna ba sa COVID-19 ay inirerekomenda para sa mga taong buntis?

Oo. Ang CDC at ang mga eksperto sa pagbubuntis, kabilang ang American College of Obstetricians and Gynecologists, ang Society for Maternal-Fetal Medicine, at ang American College of Nurse-Midwives ay nagrerekomenda na ang mga taong buntis at nagpapasuso ay dapat na mabakunahan laban sa COVID-19.

Walang ebidensya na ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay nagiging dahilan ng anumang problema sa pagbubuntis, kabilang ang pagkakabuo ng plasenta. Hanggang noong Hulyo 2021, higit sa 139,000 na mga taong buntis ay nabakunahan na at walang hindi inaasahang pagbubuntis o nabubuong sanggol (fetus) na mga problema ang nangyari. Walang mga ulat ng anumang pagtaas sa panganib ng pagkalaglag sa pagbubuntis, mga problema sa paglaki, o mga depekto sa kapanganakan.

Ang COVID-19 mismo ay isang seryosong pag-aalala habang nagbubuntis. Ang mga buntis at kamakailan lang nabuntis na nagkaroon ng COVID-19 ay mas malamang na malubhang magkasakit at mahospital kaysa sa mga tao na hindi buntis. Mas malamang din silang makakuha ng mga komplikasyon sa pagbubuntis tulad ng maagang panganganak (preterm birth) kumpara sa mga taong buntis na walang COVID-19.

Ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay maaaring promotekta sa mga taong buntis mula sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19. Sa mga pag-aaral ng mga taong nakatanggap ng mga bakunang mRNA sa COVID-19, natagpuan ang panlaban ng katawan [antibodies] sa mga dugo ng pusod (umbilical cord blood) ng mga sanggol at sa gatas ng suso. Nangangahulugan ito na ang pagpapabakuna sa panahon ng pagbubuntis ay maaari ring makatulong promotekta sa mga sanggol laban sa COVID-19.

Ang lumalaking ebidensya tungkol sa kaligtasan at pagkamabisa ng pagpapabakuna ng COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis ay nagpapakita na ang mga benepisyo ng pagpapabakuna sa COVID-19 ay mas matimbang sa anumang kilala o potensyal na mga panganib. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang Society for Maternal-Fetal Medicine na gabay sa [Pagpapabakuna sa COVID-19 kung Ikaw ay Nagbubuntis o Nagpapasuso](#) at ang webpage ng CDC na [Mga Bakuna sa COVID-19 Habang Nagbubuntis o Nagpapasuso](#).

Kung ikaw ay buntis at may mga katanungan tungkol sa pagpapabakuna, makipag-usap sa iyong doktor. Maaari ka ring makipag-usap sa mga eksperto sa NanaySaSanggol (MotherToBaby) na nandyan upang sumagot sa mga katanungan sa Ingles o Espanyol. Ang libre at kumpidensyal na mga serbisyong ito ay magagamit Lunes-Biyernes 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi. Maaari mong tawagan ang 866-626-6847, o i-text ang 855.999.8525, i-email ang ContactUs@mothertobaby.org o simulan ang pakikipag-usap (chat) sa mothertobaby.org/ask-an-expert/.

Maaari bang magpabakuna ang mga taong nagpapasuso?

Oo. Ang mga eksperto, kabilang ang CDC, ang American College of Obstetricians and Gynecologists, ang Society for Maternal-Fetal Medicine, at ang American College of Nurse-Midwives ay nagrerekomenda na ang mga taong nagpapasuso ay dapat na mabakunahan laban sa COVID-19.

Ang mga taong nagpapasuso ay hindi kabilang sa mga pag-aaral sa bakuna. Gayunpaman, batay sa nalalaman namin tungkol sa kung paano gumagana ang mga bakunang ito, hindi sila pinag-iisipan na isang panganib para sa sanggol. Ang mga kamakailang ulat ay nagpapakita na ang mga taong nagpapasuso na tumanggap ng mga bakunang Pfizer (**COMIRNATY**) o Moderna ay mayroong panglaban ng katawan (antibodies) sa gatas ng kanilang suso, na maaaring tumulong promotekta sa kanilang mga sanggol. Ang mga bakunang ito ay hindi naipapasa sa mga gatas ng suso.

Maaari ba akong magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang bakuna?

Oo. Ang mga matatanda at bata na edad 12 pataas ay maaaring magpabakuna sa COVID-19 nang kasabay ng iba pang mga bakuna, tulad ng tigdas at mahalak na ubo (whooping cough). Kung ang iyong anak ay nagpabakuna sa COVID-19 sa lugar na hindi nag-aalok ng iba pang mga bakuna na kailangan nila, maaari kang pumunta sa ibang lokasyon upang makuha ang mga ito anumang oras. Hindi na kailangan pang maghintay sa pagitan ng mga bakuna.



Maaari ba akong sumailalim sa nakagawiang medikal na pamamaraan (procedure) o pananalang pagsusuri kung katatapos ko lang magpabakuna ng COVID-19?

Karamihan sa mga nakagawiang medikal na pamamaraan o pagsasala ay maaaring gawin bago o pagkatapos na magpabakuna ng COVID-19.

Tandaan: Kung ikaw ay nakatakda para sa isang nakagawiang pagsusuri na pagpapa x-ray ng suso (mammogram) at kamakailan lang ay nabakunahan para sa COVID-19, tanungin ang iyong doktor kung gaano katagal kang maghihintay bago ka kumuha ng pagpapa x-ray ng suso (mammogram). Ang mga taong tumanggap ng bakuna sa COVID-19 ay maaaring magkaroon ng pamamaga ng kulani [lymph nodes] (tinatawag na lymphadenopathy) sa kili-kili malapit kung saan sila tinurukan. Ang pamamagang ito ay normal na palatandaan na ang katawan ay bumubuo ng proteksyon laban sa COVID-19. Ang pansamantalang pamamagang ito ay maaaring magsanhi ng maling pagbasa sa pagpapa x-ray ng suso (mammogram), kaya't mahalagang sabihan ang mga kawani tungkol sa iyong pagpapabakuna. Para sa mas marami pang mga detalye, tingnan ang [Mga Rekomendasyon para sa mga Kababaihan na Tumatangap ng Bakuna sa COVID-19](#) ng Society of Breast Imaging.

Ang bakuna sa COVID-19 ay maaari ring makaapekto sa mga resulta ng ilang mga uri ng mga panalang pagsusuri para sa Tuberculosis (TB), tingnan ang [Pagpapabakuna sa COVID-19 at Iba pang mga Medikal na Pamamaraan](#) na webpage ng CDC.

PAGPROTEKTA SA AKING SARILI AT SA IBA

Paano kung magkaroon ako ng mga sintomas ng COVID-19 pagkatapos kong mabakunahan?

Ang ilan sa mga epekto sa pagpapabakuna ay katulad ng mga sintomas ng COVID-19. Dapat kang magpasuri (tested) at manatili sa bahay at malayo sa iba kung ikaw ay may:

- Ubo, pangangapos ng hininga, sipon, nananakit na lalamunan, o bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy – ang mga sintomas na ito ay HINDI epekto ng bakuna.
- Mga epekto [side-effects] (tingnan sa itaas) ng bakuna na umaabot ng higit sa 2 araw pagkatapos mabakunahan.

Mahalaga pa rin na magbantay para sa mga sintomas ng COVID-19 kahit ikaw ay nabakunahan na.

Bakit kailangan nating magpabakuna kung magagawa naman natin ang iba pang mga bagay, tulad ng distansyang panlipunan (social distancing) at pagsusuot ng mga maskara?

Ang pagpapabakuna ay ang pinakamahusay na kasangkapan para mapatigil ang pandemyang ito. Pinalalakas ng mga bakuna ang iyong sistema ng imyunidad nang sa gayon ay handa ito na labanan ang virus kung ikaw ay malantad. Ang iba pang mga hakbang, tulad ng mga maskara at distansyang pisikal, ay tumutulong pababain ang iyong tiyansa ng pagkakalantad o pagkakatat ng virus. Ang mga bakuna ay lalong-lalong mahalaga sa pagpigil ng pagkalat sa loob ng mga sambayanan, kung saan mahirap na humiwalay kung ang isa o mas marami pang miyembro ng pamilya ang may COVID-19 o kailangang magkulong (quarantine). Ang pagpapabakuna rin ang pinakamahusay na paraan para pigilan ang mga bagong baryante ng virus mula sa pagkakabuo at pagkakatat.

Kung ako ay nabakunahan na at ako ay nalantad sa isang may COVID-19, kailangan ba akong magkulong (quarantine)?

Kung wala kang mga sintomas at ikaw ay [ganap nang nabakunahan](#), hindi mo kailangang magkulong (quarantine). Dapat kang magpasuri, subaybayan mo ang iyong kalusugan para sa mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng 14 na araw, at patuloy na protektahan ang iyong sarili at ang iba. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang [Kapag Ikaw ay Ganap nang Nabakunahan](#) na webpage ng DPH.